IKA-5 NOBYEMBRE, 2024
PRESIDENSYAL NA PANGKALAHATANG ELEKSYON
Mga Madalas na Katanungan (FAQ)

MGA IMPORTANTENG PETSA NG ELEKSYON

Ika-26 ng Setyembre, 2024	Ang mga Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ay magsisimulang ipadala sa mga rehistradong botante.
Ika-6 ng Oktubre, 2024	Ang mga balota ay sisimulang ipadala ngayong linggo sa mga rehistradong botante.
Ika-7 ng Oktubre, 2024	Ang pagboto sa-opisina ay magsisimula sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante (Lunes – Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon).
Ika-8 ng Oktubre, 2024	Ang opisyal na mga ballot drop box ay available hanggang sa huling araw ng pagboto, Ika-5 ng Nobyembre. Isang listahan ng mga lokasyon at locator map ang available sa pahina ng Impormasyon sa Eleksyon sa sdvote.com.
Ika-21 ng Oktubre, 2024	Deadline upang magparehistro para makaboto.
Ika-22 ng Oktubre hanggang Ika-5 ng Nobyembre	Panahon ng Kondisyonal na Rehistrasyon ng Botante (Conditional Voter Registration). Kung kayo ay lumampas sa deadline ng rehistrasyon, maaari pa din kayong magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal sa opisina ng Tagapagrehistro o sa alinmang vote center sa buong county.
Ika-26 ng Oktubre, 2024	Piling mga vote center at ang opisina ng Tagapagrehistro ay bukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon na nagbibigay sa botante ng sampung magkakasunod na araw ng maagang pagboto. Isang listahan ng mga lokasyon at locator map ang available sa pahina ng Impormasyon sa Eleksyon sa sdvote.com.
Ika-2 ng Nobyembre, 2024	Lahat ng mga vote center at opisina ng Tagapagrehistro ay bukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Isang listahan ng mga lokasyon at locator map ang available sa pahina ng Impormasyon sa Eleksyon sa sdvote.com.
Ika-5 ng Nobyembre, 2024	Huling Araw para bumoto! Lahat ng mga vote center, opisyal na mga ballot drop box, at ang opisina ng Tagapagrehistro ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.
Ika-5 ng Disyembre, 2024	Deadline upang masertipika ang eleksyon.

1. **BAKIT MAY ELEKSYON?**

   Noong Ika-5 ng Marso, 2024, presidensyal na primaryang eleksyon, nagnomina ang mga botante ng isang presidensyal na kandidato mula sa bawat pampulitikang partido upang tumakbo laban sa isa't-isa sa Ika-5 ng Nobyembre, 2024, presidensyal na pangkalahatang eleksyon**.**

   Ang eleksyon na ito ay magdetermina din ng elektor para sa mga opisina ng nominado-ng-botante, kabilang ang Senador ng US, Kongreso, Senado ng Estado (Ika-39 na Distrito) at Assembly ng Estado.

   Magkakaroon din ng mga kontest para sa mga opisina ng walang partido sa balota, kabilang ang mga Board ng Superbisor ng County (Mga Distrito 1, 2, at 3), Board ng Edukasyon, mga opisyal ng Lungsod para sa natitirang 16 na mga incorporated na lungsod sa buong County. Mga ibang kontest sa balota kasama ang mga governing board para sa mga distrito ng paaralan, distrito ng community college, distrito ng sunog, distrito ng ospital, distrito ng tubig at mga grupo ng pagplaplano. Karagdagan dito, mayroon din pang-estado at mga lokal na panukala.

2. **SINO ANG MAAARING BUMOTO SA ELEKSYONG ITO?**

   Lahat ng mga rehistradong botante sa County ng San Diego ay karapat-dapat na bumoto.

3. **SAAN KO MAKIKITA ANG PAMPLET NG IMPORMASYON NG BOTANTE SA COUNTY?**

   Ang mga Pamplet ng Impormasyon ng Botante ay sisimulang ipadala sa mga rehistradong botante sa Ika-26 ng Setyembre. Maaari rin ninyong tingnan ang inyong pamplet dito sa online.

4. **MATATANGGAP KO BA ANG AKING OPISYAL NA BALOTA SA KOREO?**

   Oo. Bawat aktibong rehistradong botante sa County ng San Diego ay makakatanggap ng balota sa koreo para sa presidensyal na pangkalahatang eleksyon sa Nobyembre. Kung napanatili ninyo ang inyong adres na updated sa opisina ng Tagapagrehistro, asahan ninyong matanggap ang inyo sa linggo ng Ika-6 ng Oktubre.

5. **KAILAN ANG DEADLINE UPANG MAGPAREHISTRO PARA MAKABOTO SA ELEKSYONG ITO?**

   Martes, Ika-21 ng Oktubre ay ang deadline upang magparehistro para makaboto sa eleksyong ito.

   Tandaan - kailangan ninyong kumpletuhin ang bagong porma ng rehistrasyon tuwing kayo ay lilipat, magpapalit ng inyong pangalan o magpapalit ng inyong preperensyang pampulitikang partido. Maaari kayong magparehistro sa online sa sdvote.com.

   Ang mga porma ng rehistrasyon ng botante ay available din sa Post Office, Department of Motor Vehicles at sa mga gusali ng aklatan, at ganun din sa iba't ibang mga opisina ng Klerk ng Lungsod at sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa 5600 Overland Avenue, San Diego CA, 92123.

6. **PAANO KUNG LUMAMPAS AKO SA DEADLINE PARA MAGPAREHISTRO UPANG MAKABOTO?**

   Kung lumampas kayo sa Ika-21 ng Oktubre na deadline, maaari pa rin kayong magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal. Para gawin iyon, maaari ninyong bisitahin ang alinmang voter center simula Sabado, Ika-26 ng Oktubre. Maaari rin kayong bumisita sa opisina ng

Tagapagrehistro ng mga Botante sa County ng San Diego mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Sa oras na naproseso ang inyong rehistrasyon ng botante at nakumpirma ng opisina ng Tagapagrehistro na kayo ay hindi bumoto sa ibang estado, ang inyong rehistrasyon ng botante ay magiging aktibo, at ang inyong probisyonal na balota ay mabibilang.

7. PAANO KO IBABALIK ANG AKING PAGBOTO-SA-KOREO NA BALOTA?

Hinihiling ng opisina ng Tagapagrehistro na kayo ay bumoto nang maaga! Markahan ang inyong seleksyon sa ginhawa ng inyong tahanan, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob ng sobreng pagbabalikan ng seguridad, pirmahan ang inyong pangalan at petsahan ang sobre, at ibalik ito agad sa pinagkakatiwalaang source:

- Ibalik ito sa pamamagitan ng koreo para matanggap ito nang maayos bago ang Araw ng Eleksyon.
    - Humanap ng U.S. Postal Service Collection Box (Blue Box) na malapit sa inyo.
- Simula Ika-8 ng Oktubre, ibalik ito sa alinmang mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro.
    - Isang locator map at kumpletong listahan ng mga opisyal na ballot drop box ang available sa pahina ng Impormasyon sa Eleksyon sa sdvote.com.

Maaari rin ninyong ibalik ito sa alinmang vote center simula sa Ika-26 ng Oktubre hanggang Ika-5 ng Nobyembre. Isang listahan ng mga lokasyon ng vote center ang magiging available sa sdvote.com.

Ang mga sobreng pagbabalikan ng pagboto-sa-koreo ay dapat may postmark sa o bago ang Araw ng Eleksyon at matanggap ng opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante nang hindi lalampas sa Ika-12 ng Nobyembre, 2024, para makonsiderang nabotohan nang nasa oras.

8. PAANO KO HAHANAPIN ANG VOTE CENTER NA MALAPIT SA AKIN?

Maaari kayong bumisita sa alinmang vote center sa county upang botohan ang inyong balota nang personal. Isang kumpletong listahan ng mga lokasyon ang kasama sa ipinadalang pamplet ng impormasyon ng botante sa inyong tahanan at maaari din ninyong makita ito sa online sa sdvote.com.

Simula Sabado, Ika-26 ng Oktubre, piling mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa Sabado, Ika-2 ng Nobyembre, kung saan lahat ng mga vote center ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.

Lahat ay muling magbubukas sa huling araw ng pagboto, Ika-5 ng Nobyembre, kung saan ang mga oras ay magbabago mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

9. PAANO KUNG GUSTO KONG BUMOTO NANG PERSONAL GAMIT ANG OPISYAL NA BALOTA NA AKING NATANGGAP KO SA KOREO?

Ang mga botante na mas nanaising bumoto nang personal sa pamamagitan ng pagmarka sa kanilang pre-printed na balota gamit ang bolpen ay maaaring gawin ito sa pamamagitan ng pagdala ng kanilang opisyal na balotang natanggap nila sa koreo sa alinmang mga vote center ng County **simula Sabado, Ika-26 ng Oktubre.** Ang mga botante ay dapat munang mag-check-in sa vote center, punan ang porma ng pag-check-in, at pirmahan ang ePollbook (na tinatawag din na

electronic roster ng mga botante). Matapos mag-check-in ang botante, ang barcode sa kanilang balotang pangkoreo ng sobreng pagbabalikan ay awtomatikong masususpende.

Ang botante ay bibigyan ng pansikretong takip upang paglagyan ng kanilang balota sa loob. Ang botante ay sasabihang ipasok ang kanilang balota patungo sa taas ng pansikretong takip upang ang sequence number sa taas na bahagi ng balota ay makikita ng manggagawa sa botohan. Maitatago nito ang anumang namarkahan na na mga kontest habang ang manggagawa sa botohan ay dinaraanan ang mga hakbang upang masiguro na ang balota na dinala ng botante ay siyang tama na uri ng balota ng botante.

Ang sequence number ay isang apat-na-tambilang na numero na kinikilala ang presinto ng botante at uri ng balota ng isang botante. Nirerepresenta nito ang tukoy na hangganan ng heograpiya na siyang tumutukoy kung aling mga kontest ang nasa balota para sa mga botante sa isang partikular na lugar.

Pagkatapos, ang botante ay maaaring i-direkta sa isang istasyon ng pagboto upang markahan ang kanilang balota gamit ang isang bolpen o marker na ibibigay ng manggagawa sa botohan o kung namarkahan na ng botante ang kanilang balota bago pa man dumating sa vote center, ay i-didirekta sila sa check-out station upang ihulog ng manggagawa sa botohan ang kanilang balota sa ballot box. Ang isang sobre ay hindi na kinakailangan dahil ang botante ay nag-check-in na at purmirma sa ePollbook.

Sa oras na ang balota ang nailagay na sa loob ng ballot box, wala nang paraan pa para tukuyin kung paano bumoto ang espesipiko na botante na iyon. Ang kanilang balota ay ganap na walang pagkakakilanlan.

Kung inyong mapagdedesisyunan na maghintay hanggang sa huling araw ng pagboto, humanda sa mga mahahabang pila! Maging Handang Bumoto. Dahil sa malaking bilang ng mga kontest sa balota, mas matatagalan kayong markahan ang inyong balota. Gawin ang inyong pananaliksik at basahin ang Pamplet ng Impormasyon ng Botante nang mas maaga upang madali ninyong mamarkahan ang inyong mga seleksyon kapag papasok na kayo sa loob ng booth ng pagboto.

Matuto nang higit pa: Anong Aasahan sa isang Vote Center

10. KAILANGAN BA NG COUNTY NG MGA MANGGAGAWA SA BOTOHAN?

Ang mga manggagawa sa botohan ay may mahalagang tungkulin sa mga eleksyon at maaaring maglingkod sa kanilang komunidad habang kumikita ng dagdag na pera. Upang maging isang manggagawa sa botohan, ang mga aplikante ay dapat nasa 18 taong gulang, isang mamamayan ng U.S. at nakarehistro para bumoto sa California, o legal na natanggap para sa permanenteng naninirahan sa United States.

Ang mga nagsasalita ng English na bilingguwal sa Arabic, Chinese, Filipino, Japanese, Korean, Laotian, Persian, Somali, Spanish, o Vietnamese ay kinakailangan din upang magsilbi bilang mga manggagawa sa botohan.

Kung kayo ay interesado na magsilbi sa inyong komunidad sa pamamagitan ng pagiging isang manggagawa sa botohan o nais lang na matuto nang higit pa, mangyaring bisitahin ang aming pahina ng Maging isang Manggagawa sa Botohan o tumawag sa (858) 565-5800.